# Ang Digital TV Transition

FCC Visit DTV.gov

## Ano Ang Dapat Mong Malaman Tungkol sa DTV

## Hawai'i Digital Transition




### Ano ang Digital TV (DTV) Transition?

Sa kasalukuyan, ang ilang over-the-air na mga istasyon ay nagbro-broadcast sa kapwa analog at digital TV format. Sa tanghali ng ika-15 ng Enero 2009, ang mga full-power TV station ay magbro-broadcast na lamang sa digital. Maaapektohan ng transisyon sa DTV ang mga nanonood sa libreng over-the air television (gamit ang antenna sa bubong o "rabbit ears"). Para sa karamihan ng lugar sa Hawai'i, ikaw ay nanonood ng mga over-the-air program sa isang analog TV, kailangan mong kumilos bago ng ika-15 ng Enero 2009. Hindi kinakailangang gawin ng mga naninirahan sa Kaua'i ang DTV transition sa ngayon at walang kinakailangang gawin ang mga naninirahan sa Garden Isle.

### Bakit Tayo Lumilipat sa Digital?

Ipinag-uutos ng batas ng Pederal ang paglipat sa Digital, na maglilibre sa airwaves para sa pulis, fire, at mga komunikasyon sa emergency rescue, magpapahintulot sa mga broadcaster na mag-alok ng programa sa mas maliwanag na picture at mahusay na tunog at magbibigay ng mas maraming mga mapagpipiliang programa, at pahihintulutan ang advanced wireless na serbisyo para sa mga consumer.

### Ano ang Dapat Kong Gawin Upang Maging Handa?

**Mayroon kang tatlong mapagpipilian:**

1. **Ikabit ang iyong analog TV sa isang digital-to-analog converter box.** Ang mga digital-to-analog box ay mabibili sa mga tindahan at nagkakahalaga sila ng $40-$70. Upang tulungan bayaran ang mga box, ang Gobyerno ay nag-aalok ng dalawang $40 coupon para sa bawat sambahayan. (Mangyaring tandaan na ang mga coupon na ito ay mawawalan ng bisa 90 araw pagkatapos ipadala sa koreo at dapat hilingin sa simula ng Disyembre 2008 upang siguraduhin na ito ay madideliber bago ng petsa ng DTV transition ng Hawaii. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga coupon, bumisita sa www.DTV2009.gov, o kaya'y tumawag sa 1-888-388-2009 (voice) o 1-877-530-2634 (TTY). At hindi mo kakailanganin ng isang bagong antenna kung ikaw ay nakakakuha na ng maganda at mahusay na reception sa analog channel 2-51 sa iyong kasalukuyang antenna. **O kaya**

2. **Bumili ng isang digital television (isang TV na mayroon nang built-in tuner).** Hindi mo kailangan ng isang High Definition TV (HDTV) upang mapanood ang digital broadcast television. Ang kailangan mo lamang ay isang digital TV (o isang analog TV TV na nakakonekta sa isang converter box). At bukod pa rito, hindi mo na kakailanganin ng isang bagong antenna kung ikaw ay mayroong nang maganda, de-kalidad na mga analog channel 2-51 sa iyong ginagamit na antenna.
**O kaya**

3. **Mag-subscribe sa isang paid TV service.** Kung ang iyong TV set ay nakakasagap ng local broadcast stations gamit ang isang may bayad na cable o satellite TV, ito ay handa na rin para sa DTV transition. Ang mga kompanya ay hindi hinihiling na mag-transition o magpalit ng alinman sa kanilang mga channel sa digital. Gayunman, kung ikaw ay mayroon nang isang analog TV na hindi nakakasagap ng mga local broadcast station sa pamamagitan ng iyong binabayarang provider, kakailanganin mo ng isang digital-to-analog converter box upang mapanood ang digital broadcasts sa TV na iyon.

## Para sa Karagdagang Impormasyon:

**1-888-CALL-FCC (Voice)** **DTV.gov/Hawaii** **1-888-TELL-FCC (TTY)**

**Sa Hawai'i: 541-2389 o 541-2390 o kaya mag-email sa HawaiiDTVtransition@fcc.gov**